



Pag-LabinLimang Araw na Panalangin Para sa mga Budista

... Hinihiling sa ating buhay na Panginoong Hesus na palabasin ang mga mamamayang Budista
(Juan 11:39-40)

27 Enero - 10 Pebrero 2020

Unang (1) Araw	Mga Budista sa Bansang Hapon	Awit 1:3	Ipanalangin na gisingin ng Banal na Espiritu ang kagutumang espirituwal at ang kagustuhang makilala, sumunod at umasa sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu Cristo.
Pangalawang (2) Araw	Mga Budista sa Bhutan, Nepal at Hilagang India	Taga-Kolosas 1:13-15	Ipanalangin na magpadala ang Diyos ng mga pangarap at pangitain na maglalapit sa mga Budista sa Himalayas kay Hesus. Ipanalangin na malinaw na maipamahagi ng mga tagasunod ni Hesus doon ang Magandang Balita ng Kanyang pag-ibig na nagpapabago.
Ikatlong (3) Araw	mga Budista sa Thailand	Awit 106:3	Hingin sa Diyos na palakasin ang mga tradisyon sa Thailand na nagbibigay ng karangalan sa Kanya. Hilingin sa Kanya na itaas pa ang mga buhay at lumalagong simbahan, sa bawat pangkat ng mga tao at lugar sa Thailand
Ikaapat na Araw	Mga Budista ng Tibet	Juan 11:33-35	Hilingin sa Diyos na ipakita Niya ang Kanyang sarili bilang Maylikha na ang sinuman ay maaring magkaroon ng nagbibigay-buhay na relasyon sa Kanya sa pamagitan ni Hesus
Ikalimang Araw	Mga Budista ng Mongolia	1 Samuel 12:21	Hilingin na itaguyod ng Diyos ang Kanyang mga manggagawa na makipag-ugnay at makpagtulungan sa mga pamayanan ng Mongolia. Hilingin sa Kanya na marinig ng mga taga nayon ang Magandang Balita at sila ay maging tagasunod ni Hesus.
Ikaanim na Araw	Vietnamese Khin na Budista	Ecclesiastes 3:11	Ipanalangin na maiparating ng mga anak ng Diyos ang Mabuting Balita sa mga Budista ng Vietnam sa paraang malinaw nila itong maririnig at tatanggapin. Hilingin sa Diyos na habang sila ay nagdadasal kay Ong Troi, maipamulat sa kanila na si Hesus ang tunay nilang hinahanap.

Ikapitong Araw	Mga Budistang Khmer ng Cambodia	<i>Isaias 65:1</i>	Hilingin na maging matapang ang mga mananampalataya sa Cambodia sa pagpapahayag ng kapayapaan sa pangalan ni Hesus sa mga Budista sa Cambodia. Ipanalangin na maunawaan ng mga Budista na si Hesus and Prinsipe ng Kapayapaan, at ang kanilang buong pamilya at pamayanan ay maaring maging masasayang alagad Niya.
Ikawalong Araw	Mga Shan ng Thailand, Myanmar at China	<i>1 Korinto 9:12</i>	Ipanalangin na ang mga mananampalataya sa Shan ay makipag-ugnayan ng maayos sa kanilang mga kapitbahay sa pamamagitan ng mga pang-kulturang pangyayari katulad ng kung paano nila ginagawa ang paglilibing at iba pang mga kaganapan, ng sa gayon ay maparangalan at maisakatawan nila ng wasto si Hesus sa knilang komunidad.
Ikasiyam na Araw	Mga Sinhalese ng Sri Lanka	<i>Juan 16:33</i>	Manalangin para sa malalim na paghahanap ng katotohanan sa lahat ng antas ng lipunan, lalo na sa pagbubukas ng mga mata ng mga pinuno ng Buddhist. Hilingin sa Panginoon na ipakita sa mga mananampalataya kung paano ipapamahagi ang Mabuting Balita sa mga paraan na hindi umaasa sa mga gawaing binabayaran ng pera o serbisyo.
Ikasampung Araw	Mga Bamar ng Myanmar	<i>3 Juan 1:4</i>	Manalangin para sa mga pangarap at adhikain na pangungunahan ni Hesus ang mga maraming Bamar upang maging mga alagad ni Nya. Napakonti ang Bamar na nakakakilala kay Hesus. Hilingin sa Panginoon na magparating ng maraming manggagawa upang maabot ang bawat pamayanan ng Myanmar.
Ika-labingisang Araw	Kanlurang Budista	<i>Kolosas 2:8</i>	Manalangin na ang buhay na Diyos ay buksan ang mga mata ng mga taga-Kanluran upang makita nila na ang Budismo ay hindi humahantong sa totoong buhay. Ipanalangin na ang nga Kristiyanong taga-Kanluran ay makapanalangin at maki-ugnay sa knilang mga Budistang kaibigan at kapitbahay na may pagmamahal, kahabagan at katotohanang mula kay Hesus.
Ika-labindalawang Araw	Mga Budistang Navayana ng India	<i>Epeso 1:7-8</i>	Ipanalangin ang mga taong nanumbalik mula sa Hinduismo sa bagong sektang ito ng Budismo. Karamihan sa kanila ay mula sa Dalit o sa mababang antas ng lipunan. Ipanalangin na maisalang-alang ng buong pamayanan ng mga taong ito ang pagtanggap kay Jesus at mapalapit sa Ama na Siyang nagbibigay ng dangal at pag-asa kanila.
Ika-labintatlong Araw	Mga Budistang Asiano na nakakalat sa mundo	<i>Leviticus 19:34</i>	Ipanalanginn na ang mga tagasunod ni Jesus sa Kanluran ay makapag-ugnay sa mga Budista sa kanilang kalagitnaan at maipakilala nila sila kay Hesus. Manalangin na ang mga Budistang ito na nakatira sa ibang bansa ay maging mga tagasunod ni Hesus at masabi din nila ito sa kanilang mga pamilya upang sila din ay maging mga alagad ni Jesus.



Ika-labingapat
na Araw

**Humiling sa
Panginoon ng Ani**

Lukas 10:1-2

Ipanalangin na ang mga tagasunod ni Hesus sa mga lugar ng mga Budista ay personal nilang maibahagi ang tungkol sa kanilang kaugnayan kay Hesus sa kanilang mga pamilya at kapitbahay, na hindi umaasa sa mga kilalang mangangaral o mga babasahin. Hilingin sa Diyos na ipakita sa mga mananampalataya na ang mga ordinaryong Kristiyano ay maaari din at dapat maging mga saksi ng Diyos sa kanilang sariling pamayanan.

Ika-
labinlimang
Araw

**Sa Diyos ito ay
Maaaring Mangyari**

***Mateo 19:26;
Roma 4:17***

Manalangin na magpadala ang Diyos ng isang malaking kilusan sa mundo ng mga Budista na gigising sa kanilang pusong nangangailangan sa Diyos. Ipanalangin na ito ay magiging kilusang huhubog sa Kanyang mga tagasunod. Hindi ito imposible sa Diyos.

www.buddhistworldprayer.org ethneprayer@gmail.com



<https://chat.whatsapp.com/Ck29NjzJKXy6Ak0iXlfoO5>

Ethne Prayer Network ©